

# **PAGSASALIKSIK SA KASAYSAYAN NG IGLESYA 1**

## **ANSWER KEY SA PAGSUSULIT**

Dr. Randall McElwain



## **Leksiyon 2**

# **Ang Mga Ama ng Iglesya: Pagtatatag sa Pananampalataya**

### **A.D. 70-313**

(1) Pag-uusig sa iglesya mula A.D. 89-96 ay pinangunahan ni emperador **Domitian**.

(2) Noong A.D. 303, ipinag-utos ni Emperador **Diocletian** na wasakin ang mga simbahan at sunugin ang mga Kristiyanong Kasulatan.

(3) Gumamit ang apologist na si **JustinMartyr** ng pilosopiyang Griego upang ipaliwanag ang Kristiyanismo sa mga hindi mananampalataya na pagano ang pinagmulan.

(4) Gumamit ang apologist na si **Origen** ng allegorical approach sa Lumang Tipan upang ipaliwanag ang ebanghelyo sa mga nagsasalita ng Griego sa bayan ng Alexandria.

(5) Ang **Muratorian** canon ay inilista noong A.D. 190. Kabilang dito ang karamihan sa ating kasalukuyang Bagong Tipan.

(6) Ang Kautusan sa Milan ay ipinahayag noong A.D. **313**.

## Leksiyon 3

# Ang Mga Ama ng Iglesia: Ang Mga Hamon sa Pananampalataya A.D. 70-313

- (1) Ang maling katuruan na tinawag na **Gnostisismo** ay nagtuturo na ang lahat ng pisikal na mga bagay ay masama.
- (2) Ang maling katuruan na tinatawag na Docetismo ay itinuro ni **Marcion**.
- (3) Ang "Ama ng teolohiyang Latin" ay si **Tertullian**.
- (4) Ang tatlong "panuntunan" para sa canon ng Bagong Tipan ay:
  - Ito ba ay **apostolic/mula sa mga apostol**?
  - Ito ba ay **universal/pangbuong mundo**?
  - Ito ba ay **consistent/hindi nagbabago**?
- (5) Sa ikalawang siglo, pinamunuan ni **Montanus** ang isang kilusan na tumawag para sa disiplina at sa panibagong pagbibigay-diin sa Banal na Espiritu. Gayunman, gumawa siya ng mga maling propesiya na nagpawala ng pagkilala sa kanyang kilusan.
- (6) Isang kilusang na pinangunahan ni **Donatus** ang nangatwiran na ang komunyon o bautismo na isinagawa ng mga obispong tumalikod sa pananampalataya ay walang kabuluhan.
- (7) Si **Irenaeus** ay isang tagapanguna sa simbahan na nakibahagi sa pagpapatunay sa canon at nagturo sa kahalagahan ng pagkakatawang-tao.
- (8) Noong 367, isinulat ni Obispo **Athanasius** ang "Sulat sa Araw ng Muling Pagkabuhay" na naglista ng mga aklat ng canon ng Bagong Tipan."

# Lesson 4

## Creeds and Councils

### A.D. 313-410

- (1) Nong 313, inilabas ni Constantine **Kautusan ng Milan** na nagpapaging legal ng Kristiyanismo sa Imperyo ng Roma.
- (2) Ang "Ama ng Kasaysayan ng Iglesia" ay si **Eusebius**, ang obispo ng Caesarea sa ika-apat na siglo.
- (3) Ayon kay **Arius**(sino), Si Hesus ang una sa mga nilikha ng Diyos, hindi pangwalanghanggang banal.
- (4) Ang Konseho ng **Nicaea** noong **325** (petsa) ay nagkondena sa Arianism.
- (5) Ang pagsasalin ni sa Biblia sa salitang Latin ay tinawag na **Vulgate**.
- (6) Ang pinakaunang nakilalang misyonero sa Ireland ay si **Patrick**.
- (7) Sina Gregory ng Naziansus, Gregory ng Nyssa, at Basil ng Caesarea ay tinawag na **Mga Dakilang taga-Cappadocia** dahil sa kanilang mga isinulat na nagtatangol sa orthodox theology.
- (8) Ang lungsod ng Roma ay unang nahulog sa mga Visigoths noong A.D.**410**.

# Leksiyon 5

## Mga Credo at Mga Konseho

### A.D. 410-590

- (1) Ang lungsod ng Roma ay nahulog sa mga Goths noong A.D. **410**.
- (2) Ang aklat ni Augustine na isinulat bilang tugon sa pagbagsak ng Roma ay tinawag na ***The City of God***.
- (3) Ang tala ni Augustine tungkol sa kanyang kabataan at pagbabalik-loob ay tinatawag na ***Confessions***.
- (4) Binigyang diin ni **Nestorius** ang paghihiwalay ng dalawang kalikasan ni Hesus hanggang ipahiwatig niyang si Hesus ay “dalawang persona” sa iisang katawan.
- (5) Isinulat ni Leo I ang isang **tome** kung saan ipinahayag niya na si Hesus ay isang “persona” na may dalawang kalikasan, Diyos at tao.
- (6) Ang Konseho ng Nicaea at Constantinople ay tumalakay sa kalikasan ni Kristo. Ang Konseho ng **Chalcedon** noong 451 ay tumalakay kung paanong ang dalawang kalikasan ay nauugnay sa isa’t-isa.
- (7) Dinala ni **Columba** ang ebanghelyo sa Scotland noong ika-anim na siglo.

# Leksiyon 6

## Ang Simula ng Middle Ages

### A.D. 590-1054

(1) Mula sa kursong ito, ang salitang Middle Ages ay tumutukoy sa panahon mula AD **590** (ang pagsikat ni Gregory the Great) hanggang AD **1517** (ang petsa ng *Ninety-Five Theses* ni Luther).

(2) Si **Pope Leo** ang unang obispo ng Rome na umangkin ng awtoridad sa buong kaharian ng Kristiyanismo.

(3) Nagsugo si Gregory the Great ng mga misyonero upang mag-ebanghelyo sa England. Si **Augustine** ang naging unang obispo ng Canterbury.

(4) Ayon sa doktrina ng **Transubstantiation**, ang mga elemento sa Hapag ng Panginoon ay nagiging tunay na katawan at dugo ni Kristo.

(5) Ang Batas na gumabay sa paglago ng monasticism sa Middle Ages ay isinulat ni **Benedict**.

(6) Si **Charlemagne** ay kinoronahan bilang "Banal na Romanong Emperador" sa araw ng Pasko, 800. Pinagkaisa nito ang Kanluraning Imperyong Romano sa unang pagkakataon simula ng bumagsak ang Roma.

(7) Tinanggihan ng mga **Iconoclast** (nangwawasak ng mga rebulto) ang paggamit ng mga rebulto sa pagsamba.

(8) Noong **1054** (anong taon), opisyal na nahati ang Silanganin at Kanluraning iglesya.

(9) Ang salitang Latin na **filioque** ay nangangahulugang "at ang Anak." Ito ang isa sa mga pangunahing dahilan ng hindi pagkakasundo sa pagitan ng Silanganin at Kanluraning mga iglesya.

(10) Ilista kung aling parte ng iglesya (Romano o Orthodox) ang nauugnay sa bawat katangian:

Itinuturo ang Purgatoryo: **Romano**

Nagpapahintulot ng pag-aasawa ng pari: **Orthodox**

Pinamumunuan ng pope: **Romano**

Ginagabayan ng isang Patriarka: **Orthodox**

(11) Pagkatapos ng pagbabalik-loob ni **Prinsipe Vladimir**, ang opisyal na iglesya ng Russia ay Silanganing Orthodox.

# Leksiyon 7

## Ang Huling Bahagi ng Middle Ages

### A.D. 1054-1417

(1) Ano ang dalawang usaping teolohiya na nakatulong sa tagumpay ng Islam sa Hilagang Africa? ( )

- **Ang heresy ni Arian**
- **Ang paggamit ng mga rebulto sa pagsamba**

(2) Itinigil ni **Charles Martel** ang paglawak ng Muslim sa Europa sa Labanan ng Tours noong 723.

(3) Nakipaglaban ang mg Krusada mula **1095** hanggang **1291**.

(4) Noong ika-13 siglo inangkin ni Pope **Innocent III** na ang pope ay “mas mababa sa Dios, ngunit higit kaysa sa tao.”

(5) Ang **Inquisition** ay ang sistema ng Romanong Katoliko sa paghanap at pagpaparusa sa mga inaakusahang erehe sa panahon ng huling bahagi ng Middle Ages.

(6) Ang scholastic na teologo na si **Anselmo** ang nagbuo ng teoriya ng kasapatan ng pagbabayad-sala sa kanyang aklat tungkol sa pagkakatawang-tao.

(7) Dineveloped ni Peter Abelard ang **moral influence** na teoriya ng pagbabayad-sala.

(8) Si **Thomas Aquinas** ay itinuturing na pinakadakilang teologo ng Romano Katolikong Iglesya. Itinuro niya ang mga doktrina ng transubstantiation at indulhensiya.

(9) Ang mga taong 1302-1377 ay tinawag na ang **Pagkakabihag sa Babilonia** ng Romano Katoliko Iglesya.

(10) Sa panahon ng **Malawakang Pagkakahati**, tatlong pope ang nag-angkin ng awtoridad sa iglesya.

# **Leksiyon 8**

## **Pagsisimula ng Reformation**

### **A.D. 1090-1517**

(1) Ang pangunahing binigyang-diin ng mga **scholastics** ay ang makatwirang pagkaunawa sa teolohiya. Ang pangunahing binigyang diin ng mga **mystics** ay ang personal na karanasan kay Kristo.

(2) Ang pinakamaimpluwensiya na sinulat na debosyonal sa panahon ng Middle Ages ay ang ***The Imitation of Christ*** na isinulat ni Thomas à Kempis.

(3) Ang dalawang unang English na salin ng Biblia ay ginawa ni **John Wycliffe** at ng kanyang mga kasama noong ika-14 na siglo, at ni **William Tyndale** noong ika-16 na siglo.

(4) Ang taga-Prague na ang pagiging martir ay nakahikayat sa kilusan ng pagbabago sa Bohemia ay si **Jan Hus**.

(5) Ang monghe na nagdala ng pagbabalik-sigla sa lungsod ng Florence ay si **Savoranola**.

(6) Inimbento ni **Johannes Gutenberg** ang printing press.

(7) Ang unang Biblia na inimprenta mula sa isang *moveable type* ay inilathala noong **1454**.

(8) Ang pagpapalimbag ni **Erasmus** ng Griegong Bagong Tipan noong 1516 ang nagbigay ng pagkakataon upang ang teksto ng Kasulatan ay makarating sa mga tagapangaral at nagpasimula sa mensahe ng Reformation.